

21. O Diyos, bigyan mo nawa ng karunungan ang pitong ministeryo sa Indonesia na handang lumaban sa pangangalakal ng tao at sundin ang U.N. Global Compact hinggil sa migrasyon para maprotektahan ang mga migranteng manggagawa sa ibang bansa. (Kawikaan 2:7-8)

22. Panginoon, bagama't may mga antitrafficking na mga batas sa Uruguay, nahihirapan pa ring kontrolin ang problema. Palayain mo po nawa ang mga kababaihan at mga batang babaeng Uruguay na pinangakuan ng magandang trabaho sa Europe ngunit sa halip ay nauwi sa pagkaalipin. (Isa. 61:1)

23. Matapat naming Ama, samahan mo nawa ang mga batang sapilitang nagtatrabaho sa mga taniman ng kape at cacao ng Côte d'Ivoire's. Dalangin namin na nawa, ang mga pamilyang nasa kahirapan ay maprotektahan ang kanilang mga anak sa halip na ikalalakal. (Matt. 19:14)

24. Sa Spain, Panginoon, ang trafficking ay nagkakamal ng mahigit sa 5 milyong euro sa bawat araw. Dalangin namin na maparusahan ang mga nagkakalakal, tumalikod sa kanilang kasalanan at lumapit sa iyo para sa pagbabago. (Isa. 1:17)

25. Banal naming Diyos, 97% ng mga naiulat ng mga pulis na biktima ng pangangalakal ng tao ay mga kababaihan at batang babae, kalahati nito ay nasa pagitan ng edad na 18 at 25. Gamitin mo nawa ang programa ng Canada, ang "2019 National Strategy To Combat Human Trafficking" upang maprotektahan ang mga biktima at matigil ang mga nambibiktima. (2 Peter 2:9-10a)

26. Sa France, mayroong tinatayang 20,000 na mga naikalalakal na mga kababaihan mula sa Europe, West Africa at Asia. Panginoon, gabayan mo nawa ang mga Kristiyanong organisasyon sa France sa kanilang pagtulong sa mga biktima. (Mat. 25:35-36)

27. O Diyos, nawa ang mga nasa kapangyarihan ng batas sa India ay maunawaan at maipatupad ang kanilang mga sex-trafficking na mga batas, parusahan ang mga nananamantala at tanggihan ang mga suhol. (Exod. 23:8)

28. Panginoon, ipakita mo nawa sa amin kung paano mapasok ang kuta at mga koneksiyon ng mga nasa humantrafficking upang mailigtas at mapanumbalik sa buhay sa komunidad ang mga kababaihan kung saan sila ay napahahalagahan, at makasusumpung sila ng dignidad at layunin sa buhay. (1 Juan 1:7)

29. Panginoon, bigyang Mo nawa ng kaaliwan ang mga nanlulumo dahil sa pagkawala ng kanilang anak na babae o lalaki dahil sa sex o kaya ay labor trafficking. (Mga Awit 62:1-2)

30. Gisingin mo ang Iyong Iglesya, Panginoon, upang maging bahagi ng solusyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman kung paano matukoy ang human trafficking at makatawag ng tulong sa kinauukulan kapag may natunugan silang

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



Women of Hope

Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 09. PANGANGALAKAL NG TAO

Lahat ng tao ay nilikha sa wangis ng Diyos. Walang sinuman ang may karapatan na gawing pagaari, buhayin o ibenta ang ibang tao ayon sa kanilang kagustuhan. Ipanalangin natin na wala na sanang tao sa mundo ang dumanas ng paghihirap mula sa pangangalakal ng tao. "Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito." (Gen 1:27-28)

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, ingatan mo nawa ang mga Ukrainians na walang trabaho at bigyan mo sila ng karunungan upang hindi sila madaya ng mga taong may masamang intension na nag-aalok ng nakaengganyong trabaho sa ibang bansa. (Santiago 1:5)

2. Diyos na pinakamakapangyarihan, magagawa mo po ang imposible. Pagkalooban mo nawa ng mapagkakakitaan ang mga pamilyang Indian at baguhin ang kanilang mga puso upang hindi nila ibenta ang kanilang mga anak na babae sa prostitusyon. Bigyan mo nawa ng pagkakataon ang mga babaeng ito na makapag-aral at matuto ng mga bagong kasanayan. (Marcos 10:27)

3. Panginoon, dalangin namin ang marami pang oportunidad na makapamahagi ng mga mp3 players na may lamang mga serye ng Hidden Treasures sa Germany. Nawa ang mga kababaihang nasa prostitusyon ay masumpungan ang website na www.hishiddentreasures.com at kumonekta sa mga taong makakatulong sa kanila upang masumpungan ang kalinga niHesus. (Mga Awit 37:40)

4. O Diyos, dalangin namin ang mga kababaihang South African na naikakalakal ngunit walang mapagsabihan patungkol sa kanilang nararanasan dahil sa nakaambang panganib sa kanila. Imulat mo po ang aming mga mata na makita ang mga kababaihang nasa ganitong sitwasyon at bigyan mo kami ng karunungan kung paano sila matutulungan. (Mga Awit 39:2)

5. Ama, lantaran na ang pangangalakal ng tao sa Northern Cyprus. Baguhin mo nawa ang mga puso ng mga mambabatas upang hangarin nila na masolusyunan ang mapanghamong suliranin na ito. (Kawikaan 21:1)

6. Ama, madalas na naikakalakal ang mga bata sa Philippines. Palayain mo po ang mga batang ito sa pagkaalipin, pagalingin at pagkalooban ng ligtas na matitirhan, pagkain, edukasyon, at pagasa mula sa Iyo. (Mga Awit 82:4)

7. O Diyos, dalangin namin ang mga kababaihan na namumuhay sa kahirapan sa Tanzania. Madalas ay naaakit silang magtrabaho sa Middle East, kung saan ang ilan ay namamaltrato, nagagahasa, o

napapatay. (Jer. 22:3)

8. Ngayong pandemic, tumaas ang trafficking sa Sweden dahil walang mga lockdown. Galing sa ibang bansa ang mga kababaihan upang magtrabaho sa prostitusyon. Ama, dalangin po namin na madagdagan ang mga opisyal na susugpo sa ganitong sitwasyon, at mas mapaigting ang kooperasyon sa pagitan ng mga bansa at nawa ang mga kababaihang nakaligtas ay makatanggap ng mga kailangan nilang tulong para sa kanilang rehabilitasyon. (Mga Awit 18:17)

9. Ama, pagkalooban mo nawa ng matutuluyan at trabaho ang mga napalayang bilanggo sa Poland. Tulungan mo silang malayo sa mga ilegal na trabaho na maaaring magdalang muli sa kanila sa kulungan. (Kawikaan 24:11)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Ama, pagalingin mo nawa ang mga isipan at puso ng mga kababaihang Cambodian at mga batang babae na ikinalakal ng kanilang mga pamilya dahil sa kahirapan. Makatanggap nawa sila ng tulong mula sa mga Kristiyano at makasumpong ng kaligtasan at pag-asa sa Iyo. (Jer. 17:4)

11. O Diyos magdulot ka nawa ng pagbabago sa mga puso at paguugali ng Liberians na nangangalakal ng mga bata mula sa mga rural na lugar papunta sa mga siyudad. Pagbabago na magpapatigil sa mga gawaing ito. Pagkalooban mo nawa ang mga batang ito ng masisilungan, pagkain, edukasyon at pagpapayong propesyunal. (Mga Awit 127:3)

12. O Panginoong pinakamakapangyarihan, inihiyag po namin sa iyo ang mga Portuguese na biktima ng sapilitang pagtatrabaho. Dalangin namin na maging maayos ang klase ng kanilang pamumuhay at trabaho. (Mga Awit 40:17)

13. Panginoon, sa South Korea, magdulot ka nawa ng konbiksyon para sa mga kasalanan at pagsisisi sa mga nananamantala sa mga taong may kapansanan sa pag-iisip, pinagmamalupitan, sinasaktan at pilit silang pinagtatrabaho na parang alipin subalit walang

wastong kabayaran. (Lev. 15:17)

14. O Diyos, dalangin namin ang mga kababaihan sa Paraguay na nadaya at naigumon sa prostitusyon sa Europe. Luwi mo po nawa sila Panginoon at ng mapanumbalik sila sa kanilang mga pamilya at sa Iyo. (Deut. 30:2-4)

15. Panginoon, nagpapasalamat kami na mas marami ng paraan para makapagimbestiga at matunton ang pangangalakal ng tao sa Finland. Nagpapasalamat kami na nabago ang batas para mas makatulong sa mga biktima. (Mga Awit 143:9)

16. Panginoon, nawa ang halimbawa Mo ng pagpapatawad sa mga nanakit sa Iyo – “sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” (Lukas 23:34) – ay makatulong sa amin kung kami ay makakatagpo ng mga taong hindi nagpapahalaga sa buhay ng mga kababaihan at ginagamit sila sa ilegal na mga gawain.

17. Panginoon, bigyan Mo nawa ng kaligtasan at kagalingan ang mga kababaihang Romanian na naikalakal sa ibang bansa. Nawa ang mga Kristiyanong komunidad at ang mga samahan ng anti-trafficking ay epektibong makipaglaban para sa kanila. (Mga Awit 40:13)

18. O Diyos, magdulot Ka nawa ng emosyonal at espirituwal na kagalingan sa mga Russian na inalipin noong panahon ng digmaan sa North Caucasus. Bigyan mo ng karunungan na nagmumula sa Iyo ang mga nagmimistryo sa mga nakaligtas. (Mga Awit 22:24)

19. O Diyos ng kahabagan, dalangin namin na ang mga nakaligtas sa trafficking sa Ethiopia ay makatanggap ng serbisyo para sa mga programang pang-rehabilitasyon at sila ay maibalik muli sa dati nilang kinalalagyan. Tulungan mo nawa ang mga mambabatas sa kanilang pagpapabuti ng mga patakaran para sa migrasyon at trafficking. (1 Tim. 1:8-11)

20. Pinakamakapangyarihang Diyos, dalangin namin na nawa'y lumapit sa Iyo ang mga naikalakal na mga kababaihan sa Denmark, ganundin sila na nagmula sa mga kakristianuhang lugar sa Nigeria. Bigyan mo nawa sila ng tapang upang makatakas sa prostitusyon. (Mga Awit 27:1)